SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 02, 2023, LUNES, IKA-9:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.


OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 10/11/23 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 11 OCT 2023 Santa Cruz, Laguna


DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 379-T2023**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAKIKIDALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA PAMILYA AT MGA NAULILA NG YUMAONG ENGR. MA. LOURDES P. SAN MIGUEL, NANUNGKULANG PAMBAYANG PINUNO NG TANGGAPAN NG PANGKALAHATANG PAGLILINGKOD NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT**, ang pagpanaw ni Engr. Ma. Lourdes P. San Miguel ay nagdulot ng labis na pighati at kalungkutan hindi lamang sa kanyang pamilya kundi pati sa mga kaibigan, mga kasamahan sa trabaho at mga kababayang sa kanya'y nagmamahal;

**SAPAGKAT,** naging isa siyang mahusay na pinuno ng tanggapan sa loob nang 31 taong paglilingkuran na nagdala ng mga karangalan sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SAPAGKAT,** ang kanyang kababaang loob at pagkamapagkaibigan ay labis na nagpahanga sa kanyang mga kapwa lingkod-bayan upang siya ay tangkilikin at mahalin.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Lucena R. Odejar, na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Ipaabot ang Pakikidalamhati at Pakikiramay sa Pamilya at Mga Naulila ng Yumaong Engr. Ma. Lourdes P. San Miguel, Nanungkulang Pambayang Pinuno ng Tangapan ng Pangkalahatang Paglilingkod ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at pamilya ng yumaong Engr. Ma. Lourdes P. San Miguel para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 02, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Maria Luisa F. Jolo

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo